


Mga Libreng COVID-19 Test na Gagawin sa Bahay: Mga Madalas Itanong

Makakukuha ang mga miyembro ng Partnership HealthPlan of California ng aabot sa 8 over-the-counter o mabibili nang walang reseta na COVID-19 rapid antigen test kada 30 araw nang walang babayaran, mula sa mga parmasya na tumatanggap ng Medi-Cal. Alamin ang higit pa sa ibaba.



Ano-anong COVID-19 test ang saklaw?

Saklaw ang anumang COVID-19 rapid antigen test na aprubado ng FDA at mabibili nang walang reseta. Mangyaring makipag-usap sa inyong pharmacist para kumuha ng aprubadong test kit.

Kailangan ko bang bayaran ang aking mga COVID-19 test na gagawin sa bahay?

Hindi. Kung kumuha kayo ng COVID-19 test na gagawin sa bahay mula sa isang parmasya na tumatanggap ng Medi-Cal, hindi kayo dapat singilin.

Saan ako maaaring makakuha ng COVID-19 test na gagawin sa bahay?

Makukuha ninyo ang isang COVID-19 test na gagawin sa bahay nang wala kayong babayaran sa alinmang parmasyang tumatanggap ng Medi-Cal.

Maaari bang kumuha na lang ako ng test mula sa istante at pumunta sa kahera?

Dapat ninyong kuhanin ang test sa pamamagitan ng parmasya para masingil nila ang inyong insurance.

Mayroon bang anumang limitasyon kung ilang COVID-19 test ang makukuha ko?

Maaari kayong makakuha ng aabot sa 8 COVID-19 test na aprubado ng FDA at mabibili nang walang reseta kada 30 araw para sa bawat miyembro ng inyong sambahayan na may Medi-Cal. Maaaring dagdagan ang limit na ito kung mas maraming test ang iniutos o ibinigay sa inyo ng inyong medical provider. Kakailanganing isumite ng inyong medical provider ang isang paunang pahintulot upang ipakita kung bakit ninyo kailangan ang mahigit sa 8 test kada 30 araw.

Mga Libreng COVID-19 Test na Gagawin sa Bahay: Mga Madalas Itanong

Binibilang bang isang test ang mga test na maramihang pakete?

Hindi. Binibilang ang maramihang pakete ayon sa bilang ng mga test sa isang pakete. Halimbawa, kung may dalawang test kada pakete ang isang test packet, binibilang ito bilang dalawang test.

Kailangan ko bang kuhanin lahat ng COVID-19 test na gagawin sa bahay nang sabay-sabay?

Hindi. Maibibigay ang mga test anumang oras na aabot sa 8 test kada 30 araw sa panahon ng emergency sa pampublikong kalusugan.

Gaano katagal bago ko makuha ang mga test na ito?

Makukuha ninyo ang mga test na ito hangga't hindi tinatapos ng pederal na gobyerno ang emergency sa pampublikong kalusugan, o hanggang ipayo ng California Department of Health Care Services (DHCS).

Kung hindi ako makakuha ng mga test para sa isang buwan, makakuha ba ako ng mas marami sa susunod na buwan (gaya ng 16 na test sa isang buwan)?

Hindi. Ang bilang ng mga test ay nasa batayang kada 30 araw at hindi kayo makakuha ng higit sa 8 test kada 30 araw.

Magagamit ko ba ang mga test na ito para sa iniuutos na test ng aking employer?

Hindi. Hindi dapat gamitin ang mga test na ito para sa mga layuning pantrabaho. Mangyaring humingi sa inyong employer ng mga patnubay nito para sa pagsusuri sa COVID-19.

Paano kung hindi ako makahanap ng COVID-19 test na gagawin sa bahay, at kailangan kong masuri?

Kung may kakapusan ng COVID-19 test na gagawin sa bahay sa inyong parmasya, maaari kayong tumawag sa iba pang parmasya ng lokal na network sa inyong lugar upang malaman kung mayroon silang stock ng mga test. Medi-Cal Rx Pharmacy Locator: <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/find-a-pharmacy>. Maaari din kayong tumawag sa opisina ng inyong doktor para magpaiskedyul ng appointment.

Simula noong Enero 19, 2022, maaari kayong mag-order ng isang COVID-19 rapid antigen test na mabibili nang walang reseta sa covidtests.gov nang walang babayaran. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pag-order, tumawag sa Hotline ng Tulong sa Pagbabakuna laban sa COVID-19 sa 1-800-232-0233 (TTY 1-888-720-7489).